
2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Muling Pagsasalaysay sa Tulong ng mga Larawan, Patnubay na Tanong at Story Grammar



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Muling Pagsasalaysay sa Tulong ng mga Larawan, Patnubay na mga Tanong at Story Grammar**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng modyul na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Leomar G. Paracha |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Cristina S. Chioco |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Muling Pagsasalaysay sa Tulong ng mga Larawan, Patnubay na Tanong at Story Grammar

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa muling pagsasalaysay sa tulong ng mga larawan, patnubay na tanong at **story grammar.**

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang muling makapagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na mga tanong at story grammar **(F2PS-Ig-6.1 F2PS-IIg-6.4 F2PS-IIIi-6.3).**

# Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang kuwento.

## Ang Magkaibigan

ni Arceli Velasquez-Balmeo

Ako si Roy. Mayroon akong matalik na kaibigan, si Claire. Simula pagkabata ay magkasama na kami.




Nagtutulungan kami sa abot ng aming makakaya, lalo na sa pag-aaral. Marami na rin kasi ang aming mga aralin.

Tumutulong din kami sa paglilinis ng aming barangay tuwing unang Sabado ng buwan. Kapag naman natapos na ang ilang gawain sa bahay ay naglalaro naman kami sa bahay nina Claire.

Kadalasan, pagkatapos naming maglaro ay inaanyayahan ko siya sa amin para kumain. Sabay kaming kakain ng masarap na luto ni Nanay.

Panuto: Gumawa ng maikling pagsasalaysay gamit ang mga sumusunod na gabay na tanong o story grammar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




# Aralin 1 Muling Pagsasalaysay sa Tulong ng mga Larawan, Patnubay na Tanong at Story Grammar

Bahagi na ng buhay natin ang pakikipag-usap. Kadalasan, ang ating naririnig, nababasa o napapanood ay inuulit-ulit nating ikuwento sa iba. Maging sa klase ay naaatasan ka rin ng iyong guro na ikuwentong muli ang iyong nabasa.

May iba't ibang paraan upang ang isang binasang teksto ay muling maisalaysay. Ilan sa mga ito ay ang paggamit ng mga larawan, pagtatanong ng may kaugnayan sa binasa, o kaya naman ay sa pamamagitan ng paraang story grammar na iyong nabasa at nakita sa bahagi ng Subukin.


## *Balikan*

**Panuto:** Suriing mabuti ang mga larawan. Piliin ang angkop na babala o paalala sa mga ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.




1. A. Bawal tumambay rito.
   B. Bawal umakyat sa puno.
   C. Panatilihing malinis ang paligid.
   D. Iwasang masira ang mga dahon.

2. A. Bawal umakyat sa pader.
   B. Iwasan ang pagsulat sa bakod.
   C. Bawal pumitas ng bulaklak sa parke.
   D. Huwag tatapakan ang mga halaman.




3. A. Bawal umakyat sa puno.
   B. Iwasan ang pagsulat sa pader.
   C. Bawal pumitas ng bulaklak sa parke.
   D. Huwag tapakan ang mga halaman



4. A. Bawal umakyat sa puno.
   B. Iwasan ang pagsulat sa pader.
   C. Huwag tapakan ang mga halaman.
   D. Huwag pumitas ng bulaklak sa parke.



5. A. Bawal magtapon ng basura
   B. Huwag kunin ang mga basura.
   C. Huwag susulatan ang basurahan.
   D. Itapon ang mga basura sa tamang basurahan.



## Tuklasin




May iba't ibang paraan upang ang isang binasang teksto ay muling maisalaysay. Maaaring itong gawin sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan, pamatnubay na mga tanong o story grammar.

Subukin na natin ang iyong kakayahan.

**I. Panuto:** Lagyan ng tamang bilang mula 1-4 ang mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod nito. Sagutin ang mga tanong sa ibaba sa sagutang papel.

**Yehey! Marunong na Akong Magtanim ng Mustasa**
(Pamagat)

A___ B___ C___ D___

Mga Tanong:

1. Batay sa mga larawan, ano ang unang dapat gawin sa pagtatanim ng mustasa?
2. Ano ang ikalawang hakbang?
3. Ano ang dapat gawin pagkatapos itanim ang binhi?
4. Paano ang dapat gawin sa huling hakbang sa pagtatanim ng mustasa?
5. Magtala ng mga dapat gawin upang maging malusog ang tanim na mustasa?

**II. Panuto:** Gamit ang paraang story grammar, isalaysay na muli ang teksto sa tulong ng mga tanong na iyong sinagot sa itaas. Isulat sa sagutang papel.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

## *Suriin*

Bahagi na ng buhay natin ang pakikipag-usap. Kadalasan, ang ating naririnig, nababasa o napapanood ay inuulit-ulit nating ikuwento sa iba. Maging sa klase ay naaatasan ka rin ng iyong guro na ikuwentong muli ang iyong nabasa.

May iba't ibang paraan upang ang isang binasang teksto ay muling maisalaysay. Ilan sa mga ito ay ang paggamit ng mga larawan, pagtatanong ng may kaugnayan sa binasa, o kaya nama'y sa pamamagitan ng paraang story grammar.

**Panuto:** Isalaysay ang pinabasa ng guro ang "Tamang Paghuhugas ng Kamay". Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari batay sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


**Basahin:**

## Mga Hakbang sa Paghuhugas ng mga Kamay

Ang tamang paghuhugas ng kamay ay isang paraan upang tayo ay maging malusog at malayo sa mga sakit. Ito ay ginagawa natin araw-araw. Narito ang tamang hakbang sa paghuhugas ng mga kamay.

Una, basain ng tubig ang mga kamay. Pagkatapos, kumuha ng sabon, pabulain at kuskusin ang bawat daliri ng mga kamay, palad at ibabaw ng mga ito. Gawin ito ng 20 minuto. Pagkatapos, banlawan sa tumutulong tubig. Sa huli, punasan ng malinis na tela ang mga kamay upang madali itong matuyo.


## Tamang Paghuhugas ng mga Kamay




1. ______________________________



2. ______________________________



3. ______________________________



4. ______________________________

*Mga Tala para sa Tagapagdaloy*

Ipaliwanag nang mabuti ang nasa bahaging **Suriin**. Magbigay ng iba pang halimbawa. Pagbigayin rin ng halimbawa ang mag-aaral. Pagkatapos, ipagawa ang kasunod na mga pagsasanay o gawain.

# *Pagyamanin*

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

**Panuto:** Muling isalaysay ang kasunod na teksto (na babasahin ng iyong tagapagdaloy) sa tulong ng mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Paraan ng Pagluluto ng Pritong Itlog**

Ang itlog ay isa sa mga pinagkukunan ng protina na pangunahing kailangan ng ating katawan. Iba't ibang luto ang maaari gawing dito, tulad ng piniritong itlog.

Una, biyakin ang itlog at ilagay ang laman sa mangkok. Ikalawa, lagyan ito ng asin ayon sa iyong panlasa. Ikatlo batihing mabuti ang itlog hanggang sa malusaw ang asin.

Sa huli, kapag mainit na ang mantika sa kawali ay puwede ng ilagay ang itlog hanggang sa maluto ito.

## Paraan ng Pagluluto ng Pritong Itlog




1.________________________________



2.________________________________



3.________________________________



4.________________________________

### Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang "Mga Hakbang sa Paggawa ng **Pastillas**". Pagsunod-sunuring muli ang mga hakbang batay sa mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


### Basahin:

## Mga Hakbang sa Paggawa ng Pastillas

Isa pinakamasarap na panghimagas ang pastillas. Masustansiyang pagkain ito dahil gawa ito sa gatas ng kalabaw. Narito ang mga hakbang sa paggawa ng pastillas.

Sa simula, ilagay ang kawali sa kalan at painitin. Susunod, ibuhos sa kawali ang gatas ng kalabaw o gatas na malabnaw. Pagkatapos haluin ito hanggang sa lumapot at kumunat at sa huli kapag malamig na ay maaari na itong bilugin at igulong sa asukal.


### Mga Hakbang sa Paggawa ng Pastillas




1.______________________________



2.______________________________



3.______________________________



4.______________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin ng mabuti ang "Mga Hakbang sa Paggawa ng Yema". Pagsunod-sunurin ang pangyayari batay sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


**Basahin:**

### Mga Hakbang sa Paggawa ng Yema

Katakam-takam ang pagkain ng yema lalo na sa batang tulad mo. Simple lang naman ang paggawa ng yema. Narito ang ilang hakbang.

Una, painitin ang kawali sa kalan. Ikalawa, maaari nang ibuhos sa kawali ang gatas na kondensada o malapot. Ikatlo, haluin ito hanggang sa kumunat. Ikaapat, kapag malamig na ay maaari na itong bilugin at igulong sa asukal.

### Mga Hakbang sa Paggawa ng Yema




1.______________________________

2.______________________________

3.______________________________

4.______________________________

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Basahin at isulat ang tamang pagkakasunod-sunod na ginagawa ni Jerwin bago pumasok sa paaralan batay sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Umaga Na!

Paggising ni Jerwin sa umaga ay una niyang inaayos ang kanilang higaan. Sumunod ay kumain na siya ng agahan. Pagkatapos ay naligo at nagsepilyo. Sa huli nagbihis at humanda na siya sa pagpasok sa paaralan.





1.

2.



3.



4.

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Isalaysay ang pinabasa ng guro tungkol sa "Tamang Paghuhugas ng Pinagkainaan". Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari batay sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Tamang Paghuhugas ng Pinagkainan

Makakaiwas tayo sa sakit kung tayo ay maglilinis ng ating katawan at kapaligiran. Maging sa pinagkainang mga pinggan. Narito ang pagkakasunod-sunod ng paghuhugas ng pinggan.

Alisin ang mga natirang pagkain at pagsamasamahin ang magkakapareho tulad ng baso, plato, kutsara at tinidor. Unahing sabunin ang baso. Susunod ang plato. Pagkatapos ay kutsara at tinidor. Sa huli ay babanlawan ng malinis na tubig at patitiktikin.



1.

2.





3.

4.




## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin ang "Mga Hakbang sa Paggawa ng **Polvoron**". Pagsunod-sunurin ang pangyayari batay sa mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


### Paggawa ng Polvoron

Masarap ipasalubong ang polvoron na gawa sa Bulacan. Talagang babalik-balikan mo ito kapag iyong natikman. Narito ang mga paraan sa pagluluto.


Unahing ibuhos ang harina sa kawali hanggang sa maluto ito sa mahinang apoy. Susunod ay ihalo ang gatas na pulbos, at asukal. Pagkatapos ay ilagay ang margarina hanggang sa malusaw at maluto. Sa huli ay maaari na itong ihulma kapag malamig na.



1.




2.




3.



4.

## Malayang Pagtatasa 3

**I. Panuto:** Basahin ang kuwento. Lagyan ng A, B, C at D ang mga sumusunod na larawan ayon sa pagkakasunod-sunod nito batay sa kuwento.

### Batang Matulungin

Nakita ni Marilyn na naglilinis ang kaniyang mga kaklase sa labas ng kanilang silid-aralan. Kaya naisip niyang kumuha rin ng walis tingting upang makatulong. Isinama niya ang mga dahon sa mga nabubulok at ang mga plastik naman ay kaniyang inihiwalay ng lalagyan. Masaya siya at maayos ang kaniyang ginawa.




1. ___



2. ___



3. ___



4. ___

**II. Panuto:** Sagutin ang mga tanong gamit ang story grammar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang tauhan sa kuwento?
3. Saan naganap ang kuwento?
4. Paano nakatulong si Marilyn?
5. Ano ang naging wakas ng kuwento?



## *Isaisip*

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Punan ng wastong sagot ang mga patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| ikuwento | buhay | story grammar |
| larawan | tanong | |

Bahagi na ng 1) ________ natin ang pakikipag-usap. Kadalasan, ang ating naririnig, nababasa o napapanood ay inuulit-ulit nating 2) ________ sa iba. Maging sa klase ay naaatasan ka rin ng iyong guro na ikuwentong muli ang iyong nabasa.

May iba't ibang paraan upang ang isang binasang teksto ay muling maisalaysay. Maaaring itong gawin sa tulong ng alinman sa paggamit ng mga 3) ________, pamatnubay na mga 4) ________, o 5) ________.

## *Isagawa*

**Panuto:** Basahin ang kasunod na kuwento. Muli itong isalaysay gamit ang mga sumusunod na gabay na tanong o story grammar sa sagutang papel.

### Bukas-palad

ni Arceli V. Balmeo

Araw ng Sabado. Matapos mag-usap-usap ng sampung guro ng Paaralang Elementarya ng Bantug, Talavera, Nueva Ecija sa pamamagitan ng video meeting ay gumayak na si Gng. Balmeo. Naihanda na rin niya ang mga pagkain at gamit na napagkasunduan nilang ipamigay. Tatlumpu't limang estudyante mula sa kanilang paaralan ang kanilang napiling bigyan ng mga ito. Karamihan sa mga ito ay nawalan ng hanapbuhay ang magulang dahil sa Covid-19.



Ipinaalam na rin nila ang kanilang proyekto sa kapitan ng kanilang barangay. Nagbigay tulong naman ito na ihahatid sila ng mga barangay-tanod sa mga bahay ng kanilang mga estudyante. Kitang-kita sa mukha ng mga guro ang labis na saya at tuwa sa nagawa nilang kabutihan sa kanilang kapuwa.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

2. Sino ang mga tauhan sa kuwento?

3. Kailan at saan sila nagpamigay ng mga pagkain at gamit ang mga guro?

4. Bakit nagpamigay sila ng mga pagkain at gamit sa estudyante?

5. Ano ang naging wakas ng kuwento?

## *Tayahin*

I. **Panuto:** Basahin ang kasunod na kuwento. Sagutin ang mga tanong sa kasunod na story grammar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Si Ama


ni Arceli V. Balmeo



Ika-17 ng Mayo 2020. Ngayon ang kaarawan ng aking Ama. Siya ay 72 taong gulang na. Malakas at masayahin pa ang aking Ama. Madalas kinukuwentuhan niya ang kaniyang mga apo sa kanilang kubo sa gilid ng kanilang bahay.

Libangan din niya ang mag-alaga ng mga hayop. Tuwing umaga ay isinusuga niya ang kaniyang mga alagang kambing sa bukid. Pag-uwi naman ay pinakakain niya ang kaniyang mga manok. Ngayong kaarawan n'ya ay ipinaghanda namin siya ng tinolang native na manok, inihaw na isda, pansit, ice cream at cake. Subalit mababakas pa rin sa mukha niya ang lungkot dahil hindi nakauwi ang aking kapatid na bunso. Nasa Enhanced Community Quaratine o ECQ kasi ang kanilang lugar.

Habang magkakaharap kami sa hapag kainan ay bigla nyang nasambit na, "Maraming salamat sa Panginoon at sa inyong lahat." Nagkatinginan na lang kami ng may ngiti sa labi.




**II. Panuto:** Basahin at pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwentong binasa, "Si Ama". Lagyan ng tamang bilang mula 1-5. Gawin ito sa sagutang papel.

_______Sa harap ng hapag kainan.

_______Maraming salamat sa Panginoon at sa inyong lahat.

_______ Malakas at masayahin si Ama.

_______ Libangan ang pag-aalaga ng mga hayop.

_______ Hindi nakauwi dahil sa ECQ.

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magbasa ng isang kuwento. Pagkatapos, isalaysay ang pagkakasunud-sunod nito gamit ang kasunod na story grammar. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ano ang pamagat ng kuwento? | Sino ang tauhan sa kuwento? | Saan nangyari ang kuwento? | Ano ang naging solusyon sa suliranin? | Paano nagwakas ang kuwento? |

# Susi sa Pagwawasto

**Malayang Pagtatasa 1**

1. Sabunin ang baso
2. Susunod ang plato
3. kobyertos
4. banlawan ng malinis na tubig at patiktikin.

**Malayang Pagsasanay 2**

1. Ibuhos ang harina sa kawali.
2. Ihalo ang gatas na pulbos at asukal
3. Ilagay ang margarina
4. Ihulma kapag malamig na

**Malayang Pagtatasa 3**

I. A 2
B 3
C 1
D 4

II. 1. Batang Matulungin
2. Marilyn
3. Sa paaralan
4. Nagwawalis
5. Masaya si Marilyn sa ginawa

**Pagyamanin**

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

1. Biyakin ang itlog
2. Lagyan ng asin
3. Batihin uli ang itlog
4. Ilagay sa kawali hanggang sa maluto.

**Pinatnubayang Pagtatasa 1**

1. Ilagay ang kawali sa kalan at painitin.
2. Ibuhos sa kawali ang gatas ng kalabaw.
3. Haluin hanggang sa lumapot at kumunat.
4. Bilugin at igulong sa asukal.

**Pinatnubayang Pagtatasa 2**

1. Painitin ang kawali sa kalan.
2. Ibuhos sa kawali ang kondensada
3. Haluin hanggang sa kumunat
4. Bilugin at igulong sa asukal

**Malayang Pagsasanay 1**

1. Inayos ang higaan
2. Kumain n g agahan
3. Naligo at nagsipilyo
4. Nagbihis ng uniporme

**Suriin**

1. **Si** Basain muna ang kamay.
2. Sabuning mabuti ang mga palad ibabaw nito, kamay at daliri.
3. Banlawang mabuti ang kamay sa tumutulong tubig.
4. Patuyuin ng malinis na tela.

**Tuklasin**

I

A. 4
B. 2
C. 3
D. 1

II

1. Hukayin ang lupa.
2. Ilagay ang punlang petsay.
3. diligan
4. linisin ang pinagtaniman
5. lagyan ng patabang lupa.

**Balikan**

1. B
2. C
3. B
4. C
5. D

**Subukin**

1. Roy at Rey
2. Tumulong sa paglilinis sa barangay.
3. Ang Magkaibigan
4. Sa loob at labas ng bahay
5. Nagtulungan sa pagawa ng araling mahirap

| Tayahin | Isaisip |
|---|---|
| I.<br><br>1. Si Ama<br>2. Ama, anak<br>3. Sa bahay<br>4. Malungkot sa hindi pag-uwi ng bunsong anak.<br>5. Masayang kumain ang pamilya.<br><br>II.<br>4<br>5<br>1<br>2<br>3 | 1. buhay<br>2. ikuwento<br>3. larawan<br>4. tanong<br>5. story grammar<br><br>Isagawa<br>1. Bukas-palad<br>2. Gng. Balmeo, mga guro<br>3. Sabado, sa mga kabarangay<br>4. Dahil nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19<br>5. Naging masaya ang bawat isa sa naibahagi nilang tulong. |

# *Sanggunian*


Daquis, Ruby. 2020. POLVORON RECIPE. Video. Date accessed June 28, 2020. https://www.youtube.com/watch?v=B0NyEhC_Rr8.

Deboma, Micay. 2019. PAANO GUMAWA NG PASTILLAS. Video. June 27, 2020. https://www.youtube.com/watch?v=S8TY18jBwjs.

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph